Pangalan: ________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagsulat ng Talumpati**

**I. PANUTO:** Basahin mo at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang bago ang bilang ang letra ng wastong sagot.

_____ 1 Ang sumusunod ay katangian ng isang maayos na talumpati. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang dito?
a. Nagbibigay ng batikos sa ideya ng iba.
b. Nagbibigay ng mapagkatitiwalaang impormasyon.
c. Naghahatid ng isang makatuwirang opinyon.
d. Nagpalilinaw sa iba't ibang pananaw sa isang usapin.

_____ 2. Ang State of the Nation Address (SONA) ay isang halimbawa ng _______.
a. anekdota b. balita c. sanaysay d. talumpati

_____ 3. Anong bahagi ng talumpati ang nagsisilbing panghikayat sa mga tagapakinig?
a. katawan b. kongklusyon c. panimula d. wakas

____ 4. Ano ang pinagkaiba ng talumpati sa sanaysay?
a. binibigkas sa entablado at sa publiko
b. hango sa pansariling opinyon ng may-akda
c. paglalahad ng mga impormasyon sa isang usapin
d. tuluyang anyo ng panitikan

_____ 5. Narinig mo ang pag-uusap ng mga kamag-aral mo tungkol sa pagboto umano nila sa lalaking pangulo ng inyong klase dahil sa paniniwalang mas magaling mamuno ang lalaki kaysa sa babae. Ano ang pinakaangkop mong tugon sa ganitong uri ng diskriminasyon?
a. Mag-post sa social media at doon magparinig sa mga kamag-aral na bumoto sa lalaking pangulo ng inyong klase.
b. Ipagtanggol ang mga babae at sabihing hindi rin naman magaling ang mga kamag-aral na nangungutya.
c. Ipaunawa sa mga kamag-aral na mali ang kanilang paniniwala at patunayan kung paanong hindi nakaaapekto ang kasarian sa kakayahang mamuno.
d. Magsawalang-bahala dahil hindi naman ikaw ang tumakbong pangulo ng klase.

**II. PANUTO:** Sumulat ng isang talumpati na pang-SONA. Isaalang-alang ang sumusunod sa pagsulat ng talumpati.

- Panimula ng talumpati na makatatawag ng pansin sa mga tagapakinig.
- Katawan ng talumpati na naglalahad ng pag-uulat ng mga nagawa sa bayan.
- Pangwakas na pananalita na ibibigay sa mga tagapakinig.

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA:**

| Pamantayan | Napakahusay (4 na puntos) | Mahusay (3 puntos) | Hindi Gaanong Mahusay (2 puntos) | Kailangan pang Baguhin (1 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakagaling, malaman, at mahusay na nalinang ang paksang diwa. | Mabuti at magaling ngunit limitado ang paglinang sa paksang diwa. | May alam sa paksa. Halos nakaugnay sa paksa ngunit kulang sa detalye. | Masyadong limitado ang kaalaman sa paksa. |
| Organisasyon | Napakagaling ng pagkaorganisa. May lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga pangungusap. | Magaling. Hindi gaanong organisado pero ang pinakapunong ideya ay kitang-kita. | Hindi gaanong kinakitaan ng mabuti o magaling na pagbabahagi ng ideya. | Kulang na kulang sa lohikal na pagkakasunodsunod ng mga ideya. |
| Gamit ng Wika | Napakagaling. Walang mali. Epektibo ang ayos ng pangungusap. | Magaling. Epektibo pero payak ang pagkakagamit. | Hindi tiyak ang mga salitang ginamit at nakalilito. | Napakahina. Walang masteri sa pagkakabuo ng pangungusap. |
| Mekaniks | Napakagaling. Kinakitaan ng masteri o kaalaman sa pagsasama ng kaisipan. Kakaunti ang mali sa pagbaybay at pagbabantas. | Bihira ang pagkakamali sa pagbaybay at pagbabantas. | Hindi gaanong nagkamali sa paggamit ng malaking letra. | Napakahina. Nangingibabaw ang kamalian sa pagbaybay, pagbabantas, at paggamit ng malaking letra. |